TAGALOG TAGALOG

INTRODUKSYON

Ang batas pederal ay nag-uutos na ang Chicago ay magbigay ng impormasyon sa rehistration at pagboto para sa mga botante sa wikang Espanyol at Tsino sa mga piling presinto kung saan maraming mga botante ang nagsasalita ng mga lengguwaheng ito. Ang Board of Election Commissioners for the City of Chicago ay sensitibo sa katotohanan na marami pang mga ibang grupo ng lengguwahe na maaaring mangailangan ng tulong sa proseso ng pagboto. Ang mga sumusunod na materyal ay nagbibigay ng mga basiko sa rehistrasyon at pagboto sa mga pinakanangingibabaw na lengguwaheng sinasalita sa Siyudad ng Chicago. Maraming presintong may mga botanteng nagsasalita ng lengguwaheng hindi Ingles, mayroong mga huwes sa eleksyon na bilingguwal. Bukod pa rito, ang Board ay maaaring magbigay ng tulong sa iba pang mga lengguwahe sa pamamagitan ng telepono.

MGA KUWALIPIKASYON SA PAGBOTO

Tanging mga rehistradong tao lamang ang pinapayagang bumoto. Upang magrehistro, dapat na kayo ay mahigit sa 18 na taon ang edad sa petsa ng susunod na eleksyon at isang mamamayan ng Estados Unidos. Ang pagrerehistro ng botante ay matatagpuan sa lahat ng mga Chicago Public Libraries, sa mga opisina ng Board, 69 W. Washington Street; sa pamamagitang ng mga libo-libong boluntaryong kinatawang tagarehistro; sa pamamagitan ng koreo gamit ang pormularyo ng National Voter Registration Act (NVRA); at sa pamamagitan ng Secretary of State's Drivers' License Facilities. Kung kayo ay magrerehistro sa pamamagitang ng koreo, maari kayong hilingan na magpakita ng pagkakakilanlan sa unang beses ninyong bumoto.

GRACE PERIOD NA REHISTRASYON

Ang regular na pagrerehistro ng mga botante ay nagsasara 28 araw bago ang isang eleksyon. Gayunman ang batas ng estado ngayon ay nagpapahintulot na ng personal na pagpaparehistro o pagpapalit ng adres para sa isang dating rehistradong botante sa mula sa ika-27 hanggang sa ika-14 araw bago ang isang eleksyon. Ang grace period na rehistrasyon ay maaaring maganap sa loob lamang ng opisina ng Election Board sa loob ng dalawang linggong panahon matapos ang normal na pagsasara ng rehistrasyon. Sinumang magpaparehistro sa loob ng panahong ito ay kakailanganing bumoto sa pamamaraang katulad ng absentee voting, sa personal o kaya ay sa pamamagitan ng koreo. Lahat nang mga balotang grace period ay bibilangin sa opisina ng Board, at ang mga botanteng ito ay hindi maaaring kanselahin ang kanilang balota at bumoto sa takdang araw ng botohan.

PAGTUNTON SA INYONG LUGAR NA PAGBOBOTOHAN

Lahat ng mga botante sa Siyudad ng Chicago ay nakatalaga sa isang tiyak na lugar na pagbobotohan. Ito ay karaniwang kayang lakarin mula sa inyong tirahan. Para sa impormasyon sa inyong nakatalagang pagbobotohan, tumawag sa Chicago Election Board sa 312-269-7900 o kaya'y bumisita sa aming website, www.chicagoelections.com, na magbibigay sa inyo nang adres at tipo ng pasilidad, at kung ito ay kayang puntahan nang mga may kapansanan. Sa araw ng eleksyon, ang botohan ay bukas mula 6:00 am hanggang 7:00 pm.

MAAGANG PAGBOTO

Ang batas ay pinapayagan kayong bumoto mula ika-22 hanggang sa ika-5 na araw bago ang eleksyon. Maaari kayong bumoto sa panahong ito at hindi mangangailangan ng paumanhin o dahilan, hindi kagaya nang absentee voting. Ang mga lugar para sa maagang pagboto ay nakatakda sa buong siyudad at malawak na pinapatalastas. Kahit saan man kayo nakatira sa siyudad, maari kayong bumoto sa mga lugar na ito para sa maagang pagboto. Ang mga maagang bumoto ay hindi maaaring kanselahin ang kanilang boto at bumoto sa araw ng eleksyon. Ang mga maagang boto ay hindi bibilangin hanggang sa magsara ang botohan sa araw ng eleksyon.

ABSENTEE VOTING

Bagama't mayroong walang-dahilang maagang pagboto, ang mga botanteng tumutugon sa mga legal na pangangailangan ay maaaring bumoto sa pamamaraang absentee voting gamit ang koreo. Kasama sa mga botanteng maaaring bumoto bilang absentee ang mga inaasahang nasa labas ng bansa sa araw ng eleksyon; mga estudyante sa kolehiyo na nasa paaralan; mga taong may kapansanan; mga taong nag-oobserba nang piyestang pangrelihiyon; mga huwes ng eleksyon na naglilinkod sa labas ng kanilang presinto; at mga taong nagsasagawa nang jury duty. Ang mga aplikasyon para sa balotang absente ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa 312-269-7900 or pagbisita sa website ng Board sa www.chicagoelections.com.

APLIKASYON PARA SA BALOTA

Kapag kayo ay nagpunta sa botohan sa araw ng eleksyon, kayo ay hihilingan na kumpletuhin ang isang aplikasyon para sa balota. Ang huwes ng eleksyon ay ikukumpara ang inyong pirma sa aplikasyon sa pirma na nasa inyong rehistrasyon bilang botante upang masiguro na sila ay magkatugma. Sa karaniwan, hindi kayo kailangang magpakita nang pagkakakilanlan upang bumoto. Ngunit kapag ang inyong rehistrasyon ay kinuwestyon, kayo ay hihilingan na magpakita nang dalawang pirasong pagkakakilanlan para makaboto, isa dito ay nakalagay ang inyong adres sa bahay, at pumirma nang isang apidabit na nagsasaad na kayo ay naninirahan pa rin sa inyong adres.

Ang mga botanteng walang pagkakakilanlan, o iyung ang mga rekord ng rehistrasyon ay wala sa presinto, ay maaaring humingi nang Provisional Ballot. Ang balotang ito ay nahahati, at ang maykapangyarihan sa eleksyon ay mayroong hanggang sa 14 na araw upang matiyak kung ang balota ay balido.

PAGTULONG SA BOTANTE

Kung kayo ay hindi nakababasa o nakasusulat nang Ingles, o kung kayo ay may kapansanang pisikal na pumipigil sa inyo na makaboto, maaari kayong tulungan sa proseso ng pagboto nang dalawang huwes sa eleksyon ng magkaibang partidong pulitikal o nang isang kamag-anak o kaibigan na inyong napili. Kung kayo ay nangangailan nang tulong sa pagboto, sundan ang mga instruskyon ng mga huwes ng eleksyon, kasama na ang pagkukumpleto ng kinakailang apidabit.

PARAAN NG PAGBOTO

Ang Chicago ay mayroong dalawang systema sa botohan na dinisenyo para sa mga pangangailangan ng mga botante. Ang una ay isang sistemang optikal, ang pinakadalas gamitin sa bansa, at siyang may pinakamababang bilang ng pagkakamali sa botante. Sa sistemang ito, kayo ay bibigyan nang isang inimprentang papel na balota na naglalaman nang mga pangalan ng lahat nang mga kandidato. Ang pagpili sa balota ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagpuno nang kinauukulang palaso sa tabi ng pangalan ng kandidato.

Pagkatapos ninyong kumpletuhin ang mga pagpili sa balota, kayo ay tuturuang ipasa ang balota sa scanner. Ito ay babasahin ang inyong mga pinili sa balota at isasa-isantabi ito sa memorya hanggang magsara ang botohan. Kung kayo ay nagkamali, gaya nang pagboto nang sobrang daming kandidato para sa isang pwesto, ang balota ay isasauli sa inyo at kayo ay maaaring tumanggap nang panibagong balota.

Ang pangalawang mapagpipilian ay ang touch screen voting unit na dinisenyo para ang mga taong may kapansanan ay makaboto nang pribado at mag-isa. Ang touch screen ay nagpapakita nang mga pagpipilian sa balota sa screen at sa isang papel na teyp. Ito ay magbibigay sa inyo nang pagkakataon na rebisahin ang inyong mga napili sa balota bago ninyo isapinal ang pagboto. Ito ay may kasamang pindutan at mga pampandinig na instruksiyon para sa sa mga bulag. Kapwa ang sistemang optical scan at touch screen ay parehong nagbibigay nang mga balota sa wikang Espanyol at Tsino bukod sa Ingles.

PAANO KUNG ANG HUWES SA ELEKSYON SA LUGAR NG BOTOHAN AY HINDI AKO MATULUNGAN SA AKING PROBLEMA O KATANUNGAN?

Tumawag sa Election Central sa 312-269-7870. Ang mga hotline na ito ay tinatauhan ng mga abogado ng Board, mga tauhan ng Board, at mga taong may kakayahan sa ilang mga lengguwahe na maaaring makatulong sa inyo sa inyong problema. Ang hotline ay operasyonal sa araw ng eleksyon, at kami ay magkakaroon ng kakayahang magpadala nang imbestigador kung kinakailangan.

ANG INYONG MGA KARAPATAN BILANG BOTANTE

Ang Board of Election Commissioners ay may Bill of Rights para sa lahat nang mga botante. Kayo ay may karapatan na:

1. Bumoto sa isang kapaligirang mapayapa at walang mga nakikialam.
2. Makakaboto kung kayo ay nasa pila na pagsapit ng 7:00 pm.
3. Makakaboto sa pamamagitan ng provisional ballot kung ang inyong rehistrasyon ay kinuwestyon o kung walang rekord ng inyong rehistrasyon.
4. Bumoto sa inyong dating lugar ng botohan kung kayo ay lumipat sa loob ng 30 araw bago ang eleksyon.
5. Humingi nang tulong sa pagboto kung kinakailangan.
6. Magdala ng mga pag-endorso sa pahayagan o mga balotang panghalimbawa sa loob ng kubol na botohan.
7. Protektahan ang pagkasikreto ng inyong balota.
8. Rebisahin ang inyong balota upang masigurado na ito ay kumpleto at tama, at itama ang inyong boto kung mayroong pagkakamali o nagbago ang inyong isip.
9. Mabilang ang inyong boto sa pamamaraang patas at walang kinikilingan.
10. Isama ang inyong anak na menor de edad sa loob ng kubol na botohan.